
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 7: “Alaga Mo, Benta Mo!”



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Agrikultura – Modyul 7: “Alaga Mo, Benta Mo”**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Haydee L. Garcia
**Editor:** Wilma S. Carreon
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Gary B. Mosquito
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 7: "Alaga Mo, Benta Mo"

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling Agrikultura – **“Alaga Mo, Benta Mo!”**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Agrikultura – “Alaga Mo, Benta Mo!”**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay tungkol sa pagsasapamilihan ng inaalagaang hayop o isda. (EPP5AG-0j-18)

Nakapaloob sa araling ito ang mga sumusunod:

I. Naipaliliwanag ang mga palatandaan ng mga alagang maari ng ipagbili.
II. Nakakagawa ng estratehiya sa pagsasapamilihan.

Ito'y nagtataglay din ng mga bahagi na siyang gagabay sa iyong pag-aararal sa paksa. Sundin at unawain ang bawat hakbang o konsepto upang madali mong maunawaan at magagawa ang mga itinakda.

## *Subukin*

Bago tayo mag-umpisa sa ating talakayan, subukang mong sagutin ang mga sumusunod na tanong.

**Panuto:** Sagutin ng **TAMA** o **MALI** ang mga sumusunod na mga pahayag. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang mga palatandaan ay hindi kailangang isaalang-alang sa pagbebenta ng inaalagaang hayop.
2. Isa sa mga palatandaan na maari ng ibenta ang inaalagaang hayop ay ang tamang gulang at timbang.
3. Kung ang inaalagaang hayop ay nasa tamang timbang at gulang, madali itong mabebenta at masisiyahan ang mga bumibili.
4. Masasayang lang ang panahon at gastos na ginugugol sa pag-aalaga ng hayop dahil walang bumibili sa mga sakitin, kulang sa timbang, edad at lusog.
5. Hindi nakakatulong ang mga palatandaan bagkos ito'y nakakalito lamang sa may-ari.
6. Ang *on line* na tindahan ay isang uri ng pagsasapamilihan na ginagamitan ng computer*, internet at mass media.*
7. Ang pagtitinda na pira-piraso lamang ay tinatawag na pakyawan (*wholesale*).
8. Ang pagtitinda gamit ang radyong panghimpapawidat paglathala sa mga peryodiko at diyaryo ay hindi nakakatulong sa pagsasapamilihan.
9. Ang karanasan sa mga nag-aalaga ng hayop ay dapat ding isaalang-alang sa pagsasapamilihan.
10. Ang uri ng pamilihan kung saan dinadala ng mga nagtitinda ang kanilang produkto ay tinatawag na palengke.

# Aralin 1 Alaga Mo, Benta Mo

Maraming mga produkto ang pwedeng makuha sa pag-aalaga ng hayop at isa ito sa mga napagkukunan ng kabuhayan. Ang inaalagaang hayop ay maaaring maparami at pwedeng maibinta ng buhay. Kailangan lamang ng sapat na oras, atensiyon at tamang pag-aalaga upang matiyak ang kalidad at magandang uri nito.

## *Balikan*

Ano-ano ang mga nalalaman mo?

Ang mga sumusunod ay mga dapat isaalang-alang kung paano mapapalago ang mga alagang hayop:

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang angkop na salita na nakapaloob sa kahon na naglalarawan sa bawat pahayag. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

| | |
|---|---|
| uri ng hayop | kakayahang mag-alaga |
| puhunan | lugar |
| sino ang mag-aalaga | panahon |
| kailangan ng mamimili | |

1. Alin sa mga napaloob sa kahon ang nagsasaad ng talino, lakas at abilidad sa paggawa.
2. Kakailanganin ito sa pagbili ng mga aalagaan.
3. Isa sa mga batayan sa pagpili ng hayop na aalagaan ay ang kalidad ng produkto na maibibigay nito.
4. Isa ito sa mga plano na isaalang-alang upang hindi makakaabala sa mga mamamayan.
5. Kasama rin sa iyong balak kung kailan gawin ang pagpaparami ng mga aalagaan.

## *Tuklasin*

Batay sa mga karanasan ng mga tagapag-alaga ng hayop, sila ay nalulugi kapag ang ibinibentang hayop ay hindi sapat ang gulang at timbang. Lalo na kapag ito'y sakitin. Ang mga ito ay puwede mong gamitin ngunit kailangang pag-aralang mabuti batay sa iyong kakayahan, pangangailangan at lugar kung saan ka natira.

Bago ituloy ang pag-aaral sa modyul na ito, maaaring sagutin muna ang mga pagsasanay.

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang **Tama** sa patlang kung ang pahayag ay wasto at isulat ang **Mali** kung ang isinasaad ay di-wasto. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

_________ 1. Ang mga hayop o isda ay nagtataglay ng mga palatandaan o pagkakakilanlan kung ito ay dapat nang ipagbili.

_________ 2. Hindi madali ang pag-aalaga ng manok ngunit ang mga ito ay maaring mapagkikitaan kapag inaalagaang mabuti at alam mo kung papaano mo sila ibebenta.

_________ 3. Hindi mahalaga ang timbang at laki ng hayop sa pagbibigay ng presyo sa tuwing ito ay ipagsasapamilihan.

_________ 4. Kadalasan ang mga itik ay inaalagaan upang makapagbigay ng mga itlog at ipinagbibili ito upang gawing *layer*s.

_________ 5. Ang pugo o (*quail*)ay isang ibon na karaniwang inaalagaan para mangitlog at karaniwang nangingitlog ang mga inahin pagkaraan ng 65 araw.

_________ 6. Kapag ang tilapia ay isa hanggang dalawang buwan na o kaya'y may 50-60 gramo at kahit hindi pa nasa saktong haba at laki ay pwede na itong anihin.

_________ 7. Ang negosyo sa online ay isang pagtitinda ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng pagbibinta sa *internet*.

_________ 8. Mahalagang alamin muna ang mga nangangailangan ng mga produkto upang hindi masayang ang mga ginagawa kung hindi mo alam ang kailangan ng iba't-ibang tao.

_________ 9. Ang pagsasapamilihan o pagbebenta ng mga produkto ay isang napakahalagang bahagi ng paghahayupan.

_________ 10. Ang paglathala sa mga peryodiko at sa radio ay mabisang mga paraan upang mas mapadali at mapabilis ang pagbebenta ng mga paninda dahil malawak ang maaabot nito.

## Suriin

Ang mga hayop o isda ay nagtataglay ng mga palatandaan o pagkakakilanlan kung ito ay dapat nang ipagbili. May ipinagbibili batay sa kanilang kalusugan, laki o timbang. Ang iba naman ay ibinabatay sa tagal o gulang ng inaalagaang hayop/isda. Kailangan isaalang-alang din ang panahon kung kailan mo ito ipagbili.

Sa pagsasapamilihan kailangang makagagawa ka ng mga estratehiya. May iba't ibang paraan para dito. Kailangan lamang pag-aralan at unawain ang bawat estratehiya upang ito'y magamit sa pagsasapamilihan ng mga produkto. Ang mga produktong galing sa alagang hayop na labis sa pangangailangan ng mag-anak ay maipagbibili rin kung ito ay may mataas na kalidad.

Ito ang mga sumusunod na palatandaan sa pagbebenta ng mga alagang hayop batay sa mga karanasan:

1. **Manok-** Maraming klaseng manok na puwedeng alagaan upang mapagkakakitaan. Ang mga ito ay galing pa sa ibang bansa tulad ng *Vantress* na pinaka *popular* dito sa ating bansa. Mayroon naman galing sa atin. Tinatawag itong *Native Chicken*. Hindi madali ang pag-aalaga nito, ngunit ang mga ito ay maaring mapagkikitaan kapag inaalagaang mabuti at alam mo kung papaano mo sila ibebenta.

   Narito ang mga palatandaan na maari mo na silang ibebenta:

   a. Una ang timbang dapat ay nasa 1.6 kg sa loob ng 35 days.
   b. Kung hihipuin mo siya sa harapan ng manok ay dapat hugis bilog.
   c. Malusog at hindi sakitin.

2. **Itik-** Kadalasan ang mga itik ay inaalagaan upang makapagbigay ng mga itlog. Ang iba naman ay nag-aalaga ng mga sisiw ng itik. Ipinagbibili ito upang gawing *layers.* Maari ring mag-alaga ng itik na tinatawag nilang *Nonsitters o* hindi nangingitlog at ibenta ang karne nito. Maraming klase ang mga itik sa pamayanan at ang iba ay galing pa sa ibang bansa. Ang mga palatandaan na puwede nang ebenta ang mga ito ay ang mga sumusunod:

   a. ang hustong gulang na nasa dalawa hanggang tatlong buwan, tamang timbang, malusog at mabuting mangitlog.

   b. Maaring ibenta ang isang itik at mga produkto mula dito.

   c. Ang mga itik na hindi na nangingitlog o mahina nang mangitlog ay maaari ring ibenta sa mga nagtitinda sa palengke upang gawing karne.

   d. Tandaang mas mabuting ipagbili kaagad ang mga itlog nito habang ito ay sariwa pa.

3. **Pugo**- Ang pugo o (*quail*)ay isang ibon na karaniwang inaalagaan para mangitlog. Karaniwang mangingitlog ang mga inahin pagkaraan ng 45 araw. Ibenta ang mga itlog nito habang sariwa pa. Maraming klase ang mga pogo ngunit ang pinakasikat na *variety* nito ay ang *Coturnix* na galing sa ibang bansa. Ang mga ito ay kilala sa kanilang mataas na uri ng karne at itlog. Sa loob lamang ng 7 linggo ay puwede nang ipagbili basta malusog.
4. **Tilapia -** Kapag ang tilapia ay tatlo hanggang apat na buwan na o kaya'y 80-100 gramo at nasa saktong haba at laki ay handa na itong anihin. Maari din naman itong aanihin kapag labing-limang sentimetro na ang haba.

Mga Estratehiya sa Pagsasapamilihan ng mga Inaalagaang hayop/isda.

Sa panahon ngayon tayo ay nasa modernong pamumuhay, marami sa atin ang gumagawa ng paraan upang magkaroon o makahanap ng mapagkakakitaan. Isa sa pinakapatok na hanapbuhay ngayon sa Pilipinas ay ang pagtitinda gamit ang makabagong teknolohiya o (online selling). Isa itong proseso ng pagtitinda na ginagamitan ng social media.

Ang negosyo sa online ay isang pagtitinda ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng *internet*. Alam mo ba ang Pagkakaiba ng Online na tindahan (*Online store*) at Merkado (*Marketplace*)? Unawaing mabuti ang mga sumusunod.

1. **Online na tindahan**

   Ang isang online na tindahan ay ginagamitan ng *computer, phone* at malakas na koneksiyon sa *internet* para maisagawa, maaaring maging katulad sa isang tindahan ng tingi na kailangan mong maglaan nga panahon. Sa pamamagitan ng komunikasyong *internet* gamit ang *Social Media*, *Email* at iba pang Apps. Hindi isinasagawa sa personal, ngunit maaring mag -uusap sa *cellphone* o sa *computer* kung kailan at sa anong paraan maibebenta ang produkto ayon sa presyo na nakatakda o napag-usapan.

2. **Palengke o *(marketplaces)***

   Paraan sa pagbebenta sa merkado.

   1. Alamin mo muna ang mga nangangailangan ng iyong produkto. Dahil nasasayang ang iyong mga ginagawa kung hindi mo alam ang kailangan ng iba't ibang tao.
   2. Maaari kang maglagay ng karatola tungkol sa ipinagbibiling produkto at ipadikit ito sa mga matataong lugar lalo na kung ang produkto ay bago.
   3. Ang paglathala sa mga peryodiko at sa radio ay mabisang mga paraan upang mas mapadali at mapabilis ang pagbebenta ng mga paninda dahil malawak ang maaabot nito.
   4. Dapat alamin mo ang iyong mga kakompetisyon dahil sila rin ay gumagawa ng mga paraan sa pagbebenta tulad mo. Alamin mo kung saan sila nakapuwesto at ano ang kanilang itinitinda at ang mga presyo nito.
   5. Magbihis ng maayos at magsuot ng *facemask* kung nasa mataong lugar at panatilihing mapansin ng mga tao ang iyong paninda.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Si Nene ay nagtitinda sa palengke. Ano ang dapat niyang gawin upang maging maayos at matagumpay ang kaniyang pagtitinda?
   a. Bilanging mabuti ang bayad ng mamimili
   b. Magsuot ng lumang damit
   c. Makipagtalo sa mamimili
   d. Bawalan ang mamimili na hawakan ang paninda

2. Alin ang iyong gagamitin upang matukoy na ikaw ay kumita o nalugi?
   a. Talaan ng ginastos at kinita
   b. Talaan ng materyales
   c. Talaan ng bibilhin
   d. Talaan ng budget

3. Ano ang ginagamit upang mas mabilis mahanap ang impormasyon sa pagpili ng hayop na inaalagaan?
   a. Magasin
   b. Aklat
   c. *Internet*
   d. Dyaryo

4. Sa pagsasapamilihan ng iyong alagang manok, kailangan ito ay:
   a. Malusog
   b. Payat
   c. Sakitin
   d. Wala sa nabanggit

5. Sa paanong paraan ipinagsasapamilihanl/ibinibenta ng mga produkto?
   a. Pagpapautang
   b. Tingian/pakyawan
   c. Barter
   d. Wala sa nabanggit

6. Saang lugar ipasasapamilihan ang mga alagang hayop?
   a. Palengke
   b. Sa department store
   c. Sa hardware
   d. Sa tabi ng daan

7. Ito ay tawag sa halaga ng iyong binibiling gulay o isda
   a. Presyo
   b. Tubo
   c. Kita
   d. Puhunan

II. Ipaliwanag (**3 puntos**)

Para sa 8-10, sa paanong paraan mas mabisa at madali ang pagbebenta ng hayop/isda? Bakit? Ipaliwanag ang sagot sa iyong kuwaderno.



## *Isaisip*

Dapat isaalang-alang ang pakay ng pag-aalaga ng mga hayop at isda. Kung ito'y para sa pagkain ng pamilya, nasa sariling desisyon ng nag-aalaga kung kailan ito aanihin. Kung ito ay negosyo ng isang pamilya, dapat isaalang-alang ang mga panganga-ilangan ng mga bumibili o *customer.* Dapat nasa hustong timbang at gulang, malusog at hindi sakitin ang ibebenta na mga hayop upang masisiyahan ang mga bumibili nito at patuloy sa pagtatangkilik sa iyong produkto. Kailangan isaalang-alang ang mga pangangailangn at kapakanan ng mga bumibili.

Sa negosyo hindi dapat magkahiwalay ang produkto at mga estratehiya sa pagbebenta nito. Kapag maliit lang ang iyong negosyo, kailangan mong magtinda ng tingi-tingi.  Kung malaki naman ay puwede ka ring magtingi at magpakyawan sa *online* man o sa merkado.

## *Isagawa*

A. Batay sa napag-aralan, isulat ang mga katangian o palatandaan ng mga sumusunod na hayop na maaari mo nang ipagbili.

1. Manok ____________________________________________
2. Itik ____________________________________________
3. Pugo ____________________________________________
4. Tilapia ____________________________________________

B. Isulat ang mga napag-aralang estratehiya sa pagbebenta ng mga sumusunod na hayop/isda

1. Manok ____________________________________________
2. Itik ____________________________________________
3. Pugo ____________________________________________
4. Tilapia ____________________________________________

# *Tayahin*

**Panuto:** Isulat sa kuwaderno ang iyong paliwanag sa dalawang tanong.

1. Kailan mo aanihin ang mga inaalagaang hayop/isda? Bakit?
2. Bakit isaalang-alang ang mga palatandaan sa pag-ani ng mga alagang hayop at isda para sa pansariling konsumo o negosyo?

Para sa bilang 3 – 5, isulat lamang ang titik ng inyong sagot at gawin ito sa iyong kwaderno.

3. Ano sa mga sumusunod ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop
   a. Nagdadala ng sakit
   b. Nakapagbibigay saya at nakakaalis ng inip
   c. Nagpaparumi sa kapaligiran
   d. Nakakapanakit ng mga tao.

4. Paano nakakatulong sa pangangailangan ng pamilya ang pag aalga ng hayop?
   a. Nakakapagdagdag ng gawain sa tahanan
   b. Maaring ipagbili ang alagang hayop at makadagdag ng kita
   c. Nakakadagdag ng gastusin sa pamilya dahil sa pagbili ng pagkain nito.
   d. Nakakakuha ng sakit ang mga miyembro ng pamilya dahil sa mga dumi na dulot ng mga hayop.

5. Ang mga sumusunod ay mga estratehiya sa pagbebenta ng hayop maliban sa isa.
   a. Pagbenta sa palengke
   b. Pagbenta sa online na tindahan
   c. sa paglathala sa mga dyaryo, TV at radio
   d. Pagbibigay ng mga product.

## *Karagdagang Gawain*

Ang bawat alaga ay may kanya-kanyang sariling palatandaan kung kailan ito aanihin. Subalit may mga palatandaan na *common* sa lahat. Ang mga palatandaan ay hindi lamang gawing basehan sa pag-aani, kundi mainam pa rin ang pag sasaliksik hinggil dito at pagtatanong ng mga eksperto sa larangan ng pag-aalaga ng mga hayop at isda.

Sa gabay ng iyong mga magulang o mga nakakatanda, magtanong-tanong sa kapit-bahay hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagaalaga ng hayop at pagbenta nito. Huwag kalimutang magsuot ng *facemask* at dumistansya sa kausap.

Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong mga sagot at ipasa ito sa sa susunod nating pagkikita.

# *Susi sa Pagwawasto*

| SUBUKIN: | | BALLIKAN: |
|---|---|---|
| A. Mali | 6. Tama | 1. Kakayahang mag-alaga |
| B. Tama | 7. Mali | 2. Puhunan |
| C. Tama | 8. Mali | 3. Uri ng hayop |
| D. Tama | 9. Tama | 4. Lugar |
| E. Mali | 10. Tama | 5. panahon |

| TUKALASIN: | | PAGYAMANIN: | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. Tama | 6. Mali | 1.a | 6. a | 8-10. |
| 2. Tama | 7. Tama | 2. b | 7. a | |
| 3. Mali | 8. Tama | 3. c | | |
| 4. Tama | 9. Tama | 4. a | | |
| 5. Mali | 10. Tama | 5. b | | |

**ISAGAWA:**

**A.**

1. Una ang timbang dapat ay nasa 1.6 kg sa loob ng 35 days. Kung hihipuin mo siya sa harapan ng manok ay dapat hugis bilog. Malusog at hindi sakitin.
2. Ang hustong gulang na nasa dalawa hanggang tatlong buwan, tamang timbang, malusog at mabuting mangitlog. Maaring ibenta ang isang itik at mga produkto mula dito. Ang mga itik na hindi na nangingitlog o mahina nang mangitlog ay maaari ring ibenta sa mga nagtitinda sa palengke upang gawing karne. Tandaang mas mabuting ipagbili kaagad ang mga itlog nito habang ito ay sariwa pa.
3. Kung ito ai malusog na sa loob ng 7 linggo ay maaari na itong ipagbili.
4. Kapag ang tilapia ay tatlo hanggang apat na buwan na o kaya'y 80-100 gramo at nasa saktong haba at laki ay handa na itong anihin. Maari din naman itong aanihin kapag labing-limang sentimetro na ang haba.

B.

1-4. Online Selling / Pagbebenta sa Merkado ng Tingian o Pakyawan.

**TAYAHIN:**

1. Ang alagang hayop/isda ay dapat ng anihin kapag ang mga ito ay nasa tamang timbang, gulang at walang sakit
2. Dapat isaalang-alang ang mga palatandaan sa pagaani ng hayop upang masisiyahan ang mga bumibili nito.
3. b
4. b
5. d

***Sanggunian***

*https://www.google.com.ph/search?g=google&biw=1366&bih=626&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=YpNVVMiFFqbHmAWjp4KABA&sq*

*https://www.facebook.com/Dalubsaka/AGRICULTURE IS A CULTURE*

*http://agriculture*

*vic.gov.au/agriculture/livestock/goats/marketing/preparing-meat-goats-for-sale*

*Curriculum Guide* in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, GEPP5AG-Oj-18 (2.9.1)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph